



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 3

Pebrero 7, 2007

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editoryal*

## Kamtin ang katarungan para sa mga biktima ng pampulitikang pamamaslang

**T**ulad ng inaasahan, walang anumang kredibilidad at saysay ang resulta ng ginawa ng Melo Commission na "imbestigasyon" sa mga kaso ng pampulitikang pamamaslang sa bansa.

Mula't sapul, malinaw sa lahat na hindi tunay na mag-iibestiga ang Melo Commission at uulitin lamang nito ang dati nang sinasabi ng Malakanyang, PNP at AFP. Wala itong ibang nilayon at ginawa kundi hugasan ang duguang mga kamay ni Gloria Arroyo at kanyang mga berdugong upisyal. Wala itong kredibilidad sa mata ng mga kamag-anak ng mga biktima at mga organisasyon nagtagtaguyod sa karapatang-tao sa loob at labas ng bansa.

Sa desperasyong magkaroon ng kredibilidad, pinatampok ng Melo Commission ang kongklusyon sangkot ang ilang tauhan ng AFP at mga pulitiko sa pamamaslang. Pero kasabay nito'y binigyang-diin ni Jose Melo, pinuno ng komisyon at dating mahistrado ng Korte Suprema, na hindi sangkot ang buong establisimyento ng AFP. Sa gayon, pinagtatakpakan lamang ng Melo Commission ang responsibilidad ng buong rehimeng Arroyo at matataas na heneral ng AFP. Tinukoy man nitong may responsibilidad bilang kumander ang berdugong si Ret. Maj. Gen. Jovito Palparan, sinasabi namang iyon ay di tuwiran at na wala siyang kriminal na pananagutan.



Tahasang inaamin ni Melo na ang mga kongklusyon ng kanyang komisyon ay halaw sa mga ulat ng militar at pulis. Kaya't wala itong ibang sinabi sa Task Force Usig ng PNP. Dahil sa kawalan ng anumang tiwala sa komisyon, ni hindi na nag-abalang humarap dito ang mga saksi sa mga pamamaslang at ang pamilya at kasamahan ng mga biktima.

**Mga tampok sa isyung ito...**

**Pamamaslang sa Bicol, Samar, tunitindi**  
PAHINA 4

**Matagalang interbensyong militar**  
PAHINA 6

**Mga aksyong militar ng BHB sa Cagayan, Sorsogon**  
PAHINA 9

Dahil alam ni Arroyo mismo na sasalubungan ng kabi-kabilang batikos at tiyak na hindi papasa sa anumang matinong pagsusuri ang walang kwentang ulat ng komisyon, itinago na lamang ito sa publico. Sa halip, para madisimula ang kapalpakan nitong linisin ang pangalan niya at ng kanyang sandatahang laking, kunwa'y inatasan pa niya ang Melo Commission na ipagpatuloy ang pagsisiyasat.

Dagdag na pakitang-tao ang pagpapaimbestiga niya ngayon sa Department of National Defense, Department of Justice at Commission on Human Rights sa mga pamamaslang. Nagpakulo rin siya ng mungkahing magtayo ng bagong sangay ng korte para lamang sa mga kaso ng pampulitikang pamamaslang. Umasta pa siyang nanghihimok sa mga kamag-anak ng mga biktima, saksi at militanteng organisasyon na tumulong at tumestigo sa patuloy na imbestigasyon. Dahil ang European Union at maraming bansa sa Europe ay kabilang sa bumabatikos sa mga pamamaslang at humihiling ng makatotohanang imbestigasyon, inanyayahan din niya ang kinatawan ng mga ito para tumulong umano

sa imbestigasyon. Sa gayon, inaasahan niyang magiging mas kapani-paniwala ang kanyang mga hakbang para kunwa'y nabibigyang-daan ang imbestigasyon sa mga kaso ng pamamaslang.

Pawang pagbabalatkayo ang mga hakbanging ito. Kasabay ng mga ito, inihayag naman ni Arroyo na "99.9%" ng mga sundalo ng AFP ay pawang "mabubuti."

Tinawag pa niyang "prente ng mga komunista" ang grupong Karapatan at iba pang militanteng organisasyon para balewalain ang ihinaharap nilang mga datos at masahol pa'y maging target ang mga ito ng mga atakeng militar. Pinalalabas niyang kasinungalingan ang datos na nagsasabing umaabot na ngayon sa mahigit 820 ang kaso ng pampulitikang pamamaslang mula nang maluklok siya sa poder noong 2001.

Ang walang tigil na pamamaslang ng mga aktibista at mga pampulitikang panunupil sa kanayunan at kalunsuran ay naglantad pang lalo sa kahungkagan ng mga pa-

hayag ni Arroyo. Nito lamang mga huling araw, di bababa sa 10 nang mga kasapi ng partidong Bayan Muna (BM) at iba pang progresibong samahan ang pinaslang sa Bicol at Samar.

Ilang linggo pa rin lamang ang nakaraan, inaprubahan ni Arroyo at inilunsad na ng AFP ang mas malupit na Operacion Bantay Laya II, matapos mabigo ang unang bersyon nito.

Ang pinakabagong *internal security operational plan* ng AFP ay naikatuon sa "estrategikong paggapi" sa armadong rebolusyonaryong kilusan pagsapit ng 2010. Katatumpukan ito ng pagpapaigting ng mga pamamaslang na isinasagawa ng mga *death squad* sa mga lider at kasapi ng mga progresibong partido at organisasyon na pawang binabansagang "prente ng mga komunista" o bahagi ng "pampulitikang imparastrukture" ng Partido Komunista.

Sa loob ng AFP, pinalalaganap ang buktot na kaisipang di nag-iiba sa mga armado at di armadong pwersang kumakalaban sa gubyerno. Binibigyang-matwid ng pasi-tang ideolohiyang ito ang armadong pagsalakay sa mga di armadong pwersa. Itinuturing silang armadong katunggali at sa gayon ay nararapat na todo-todo at walang pakundangang supilin, dahan-sin at pagpapatayin.

Sa harap ng lahat ng ito, marubdob ang pagnanasa ng mga biktima,



## Nilalaman

<b>Editoryal:</b> Kamtin ang katarungan para sa mga biktima ng pampulitikang pamamaslang	1
<b>Panalanta ng estado</b>	
Tunitinding pamamaslang sa Bicol at Samar	3
Interbensyon ng US sa Pilipinas	5
Matagalang interbesyong militar	6
Tipo ng operasyon ng US SOF	7
<b>Matatagumpay na opensiba ng BHB</b>	9
<b>Balita</b>	9

# ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 3 Pebrero 7, 2007

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



# Pamamaslang sa Bicol, Samar, tumitindi

**K**aliwa't kanan ang pamamaslang ng mga berdugo ni Gloria Arroyo sa mga myembro ng militanteng grupo habang papalapit ang eleksyon sa Mayo 2007. Sumusunod ang ilan sa mga incidenteng nakalap ng *Ang Bayan*:

**Pebrero 6.** Sugatan sina Francisco Langi, bise alkalde ng Motiong, Samar at ang kanyang asawang si Agripita nang tambangan sila ng mga armadong lalaki sa Paranas, Samar. Namatay sa ambus si Jessie Dacanay, ang drayber ng sinasakyan nilang motorsiklo. Si Langi ay kilalang mala-pit sa mga progresibong grupo.

**Pebrero 2.** Pinaslang sa Hinabangan, Samar ng mga pinaghahinalaang elemento ng bandidong RHB si Sixto Azilan, 47, isang organisador ng mga maralita ng lunsod. Nasugatan din sa pananambang ang kasama ni Azilan na si Rey de Luna. Bago ito, ilang ulit nang pinatatawag ng 8th ID si Azilan para sa interogasyon.

**Enero 29.** Pinaslang ng dalawang nakamotorsiklong berdugo ni Arroyo sa Catbalogan, Samar si Dominador de Luna, 50, myembro ng Confederation for Unity, Advancement and Recognition of Government Employees (Courage) sa Samar at employado ng National Food Authority. Asawa

siya ni Concepcion de Luna, isang board member ng prubinsya at lider ng Bayan Muna sa Samar. Tinamaan sa ulo si de Luna na agad niyang na ikinamatay. Siya ang ika-825 na biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay mula nang manungkulan si Arroyo noong Enero 2001.

**Enero 27.** Pinagtangkaang patayin ng *death squad* ni Arroyo si Flor Acbo, 54, information officer ng Bagong Alyansang Makabayan-Eastern Visayas bandang alas-9 ng gabi. Nakaiwas si Acbo at sa halip ay natamaan sa kaliwang paa si Eric de Guzman, 27, isang sibilyan. Nangyari ang pamamaril ilang metro lamang ang layo sa bahay ni Acbo sa Philippine Housing Homestead Corp. (PHHC) sa Barangay Nu-la-tula, Tacloban City.

**Enero 25.** Isang magsasaka ang *Sundan sa "Tumitindi..," pahina 4*

## "Kamtin...", mula pahina 2

mga kamag-anak nila, mga demokratikong organisasyon at buong sambayanan na kamtin ang katarungan. Batid nilang mula't sapul ay walang ginawa si Arroyo kundi ang magpanggap at magsinungaling para makaiwas sa kriminal na mga para makaiwas sa anumang kriminal na pananagutan habang patuloy na pinasasahol ang pang-aabuso at pandarahas sa mga progresibo at militanteng kritiko ng kanyang rehimen.

Magkakaroon lamang ng seryoso, masusi, patas at makatarungang imbestigasyon at paglilitis sa mga kaso ng pampolitikang pamamaslang at pandarahas ng rehimen kung ito'y hahawakan ng mga taong independiente at may mataas na antas ng integridad at moralidad at kung hindi ito pakialaman, ipepresyur at didiktahan nina Arroyo at mga alipures niya. Kailan-

gang mayroon itong kapangyarihan at kakayahang magpatawag at mang-aresto ng mga akusado sa mga krimen at maghatol ng mga parusa sa mapatutunayang maysala.

Sa harap ng patuloy na pagmatigas ng rehimeng Arroyo, walang ibang masusulingan ang mga biktima, mga kamag-anak nila, mga demokratikong pwersa at ang mamamayan kundi ang sarili nilang pagkakaisa at pagkilos. Kailangan ang mga kampanya ng paglalantad at mariing pagtutol sa bansa at sa ibayong dagat sa sistematisong pamamaslang ng pasistang rehimeng Arroyo sa mga aktibistang kumikilos sa legal na larangan at sa marumi pang di-armado at inosenteng sibilyan.

Dapat ilantad ang kahayupan at pasista-sa-kaibuturang katangi-an ng rehimen at kundenahin si Arroyo at mga kampon niyang mama-

matay-tao sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan. Ang kampaanya laban sa karumal-dumal na mga pamamaslang at todo-todong panunupil ay karugtong ng pakikibaka ng mamamayan para ibagsak ang labis na kinamumuhiang rehimen.

Dapat pagbayaran nina Arroyo at mga sagad-saring pasistang kasapakat niya ang bawat buhay na inutas nila sa kanilang brutal na anti-mamamayang gera. Madag-dong ang sigaw ng mga biktima at ng mamamayan na parusahan ang mga utak at operatiba ng kampaanya ng pampolitikang pamamaslang at makamit na ang katarungang matagal na nilang inaasam. Pinakamabisang magagawa ito ngayong sukdulang kinamumuhian, lubusang nahihiwalay at mabilis nang bumubulusok ang pampolitikang kapangyarihan ng bulok at brutal na rehimeng Arroyo. **AB**



*"Tumitindi...", mula pahina 3*

napatay at apat ang nasugatan nang pagbabarilin ng mga *security guard* at ng mga elemento ng Civilian Volunteer Organization ni Rodolfo Cuenca, isang malaking panginoong maylupa sa Negros, ang hanay ng 100 magsasaka na nagtangkang mag-okupa ng lupang ipinakaloob na sa kanila ng Department of Agrarian Reform noong 2002. Napatay si Pepito Santillan, 60, at nasugatan sina Fernando Santilla, 41, at Rey Cortejo, 34.

**Enero 23.** Pinaslang ng mga nakamotorsiklong berdugo ang dalawang myembro ng Bayan Muna sa Sorsogon at Albay. Pinatay si Ruben Ermino, 52, habang namamasada ng kanyang traysikel sa Barangay Tabi, Gubat, Sorsogon, bandang alas-12 ng tanghali. Pinaslang din si Demetrio "Don" Imperial, 26, sa kanyang bahay sa Barangay Sogoy, Castilla, Sorsogon mga alas-7 ng gabi.

Dalawa pang myembro ng BM na matagal nang nawawala, sina Miguel Dayandate at Julio Camero, ang natagpuang patay sa Ligao, Albay noong araw ding iyon.

**Enero 22.** Tinangkang patayin sa Tagum City ng mga elemento ng *death squad* si Amancio Carmelo, *secretary-general* ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa Southern Mindanao. Dalawang beses binaril ng mga berdugo si Carmelo pero hindi siya tinamaan.


**Enero 21.** Pinatay ng mga berdugo ni Arroyo si Ananias Burce, barangay tserman ng Barangay Oras, Tabaco City, Albay at pinaghahinalaan ng militar na tagasuporta ng BHB. Walong tama ng bala ang nataomo ni Burce nang pagbabarilin siya sa Barangay Bantayan, Tabaco City.

**Enero 17.** Binomba at inistrapping ng dalawang MG-520 *attack helicopters* ng Philippine Air Force ang Sityo Soob, Barangay Poblacion, Albuera, Leyte mula alas-11:30 ng umaga hanggang alas-12:30 ng hapon. Maraming sibilyan sa paligid ang napilitang magbakwit dahil sa tindi ng pambomboma at pang-iistrapping.

Samantala, noong araw ding iyon sa Iloilo City, sinalakay ng mga pulis ang kapitolyo para sapilitang paalisin si Gob. Niel Tupas sa kanyang pwesto. Mahigit 200 naka-full battle gear na *anti-riot* pulis at mga myembro ng Regional Mobile Group ng PNP ang marahas na sumalakay sa kapitolyo. Mariing binatikos ng lima pang gobernador at isang meyor ng Western Visayas ang labis na paggamit ng pwersa at makahayop na pag-asolt. Si Tupas ay upisyal ng anti-Arroyong paksyon ng Liberal Party na pinamumunuan ni Sen. Franklin Drilon.

AB

## Panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas



pususan ang pagpopropaga ganda ng gu byernong US at rehimeng Arroyo para bigyang-matwid ang panghihimasok ng militar ng US sa Pilipinas. Nitong nagdaang mga linggo, walang patid ang pagbibigay nila ng diin sa pagging "susing salik" ng "suporta at pamumuno" ng US sa mga operasyon laban sa mga tinatagurian nilang "terorista." Ipinagmamalaki ng AFP ang tulungan nila ng militar ng US sa pagpatay kina Kadaffi Janjalani at Jaina Antel Sali (si Abu Solaiman, ayon sa AFP), mga pinuno ng Abu Sayyaf—isang maliit na lokal na grupo ng mga bandidong nakabase sa Basilan at Sulu na tinataguring "terorista" ng militar.


Habang abot-langit ang pagpapasalamat sa "pamumuno at suporta" ng US, pilit na itinatago ng rehimeng Arroyo ang aktwal na lalim at saklaw ng paglahok ng mga tropang Amerikano sa mga operasyon laban sa Abu Sayyaf. Bagaman layunin nitong ibayo pang palalimin ang panghihimasok-militar ng US, nangangamba rin ang rehimeng Arroyo na ito'y mag-silbing mitsa sa paglakas at paglawak ng patriyotismo ng mamayang Pilipino. Iniiwasan din ng rehimeng Arroyo na mapanagot ito sa paglabag sa mga probisyon ng umiiral na konstitusyon na nagbabawal sa paglahok ng mga dayuhang tropa sa mga operasyong pangkombat sa Pilipinas. Bagamat inaamin nilang may mga "strike operations" ang mga tropang Amerikano sa Pilipinas, ipinagpipilitan pa rin ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo at ng AFP na ang paglahok ng mga dayuhan ay pawang sa "paniniktk," "kagamitan," "pagpapayo" at "pagsasanay" lamang.

Katunayan, lahat ng ito'y maituturing na panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas. Paglabag sa soberanya ng bansa ang isinasagawang "air reconnaiss-

ance" (paniniktek gamit ang mga pinalipad na eroplano sa himpapawid ng Pilipinas), pang-eespiya at pagtitipon ng datos-paniktek sa pamamagitan ng mga tropang Amerikano o ng mga ahente nilang nakakalat sa bansa. Ang paniniktek ng US, laluna ang kanilang taktikal na paniniktek-pangkombat ay esensyal na aspeto ng kabuuang operasyong militar at katunaya'y nagagamit ng militar ng US upang idirihe ang mga operasyong pangkombat ng mga sundalo ng AFP. Mas masahol pa ang aktwal na partisipasyon ng mga sundalong Amerikano sa mga operasyong pangkombat, gayundin ang mga "espesyal na operasyon," na patuloy na inililihim kapwa ng mga upisyal ng gubyerno at militar ng US at ng Pilipinas.

**ANG PAGLAHOK** ng militar ng US sa digma laban sa Abu Sayyaf ay tunungan at paghahanda lamang sa mas malaking layunin nitong panghimasan ang kontra-rebolusyonaryong digma laban sa rebolusyonaryong kilusan at supilin ang patriyotiko at anti-imperialistang kilusan sa Pilipinas. Ang tunay na estratehikong target ng panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas ay mga pwersang anti-imperialista—ang mga pwersang puspusang lumalaban sa dominasyon at pang-aapi ng US at ng papet na rehimeng nito sa bansa—pangunahin na ang mga rebolusyonaryong armadong pwersa, at pati na rin ang mga legal na pwersang patriyotiko at progresibo.

Mahaba na ang kasaysayan ng hayag at lihim na paglahok ng militar ng US sa kontra-rebolusyonaryong digma sa Pilipinas. Sa matagal na panahon, sa pamamagitan ng Joint US Military Advisory Group (o JUSMAG) at ng iba't ibang programa sa "pagsasanay" dito ng mga pinuno at pwersang militar ng Pilipinas, ang mga tagapayong militar ng US



ang nagbabalangkas at nagdidirihe sa planong "counter-insurgency" ng AFP. Hanggang ngayon, ang US ang pangunahing tagapagsuplay ng armas at mga kagamitang militar para sa AFP. Nitong mga nakaraang taon, humigit-kumulang \$20-30 milyon ang taunang ayuda-militar na ibinibigay ng US sa papet na rehimeng. Ito ang pinanggagalingan ng P10 bilyong pondo para sa AFP Modernization Program.

Kung dati'y estatehiya ng "*low-intensity conflict*" ("banayad na tunggalian" kung saan tampok ang mga operasyong saywar) ang pinaiiral sa Pilipinas, kasalukuyang nakabalangkas ang walang habas na pasistang kampanyang Oplan Bantay Laya I (2001) at II (2006) sa doktrina at estratehiya ng "global war against terror." Muling pinatatampok nito ang dati nang walang pakundangang paglapastangan ng US at mga papet na armadong pwersa nito sa mga karapatang sibil, soberanya ng mga bansa at mga batas sa digmaan.

Ang kampanya ng pampulitikang pamamaslang na isinasagawa ngayon ng rehimeng Arroyo ay nakabatay sa Oplan Phoenix ng US sa panahon ng gera nito sa Vietnam, kung saan ilampung libong karaniwang mamamayang pinagsuspetuhanhang tagasuporta ng mga gerilyang Vietnamese taun-taon ang pinatay sa isang malawakang kam-

panyang pamamaslang na isinagawa ng mga tropa ng US at papet na rehimeng.

Nitong nagdaang mga taon, may ilang pagkakataon nang labas-masok ang mga dayuhang tropang Amerikano sa mga territoryo ng rebolusyonaryong kilusan. Mula 2004, sinamantala ng US ang mga kalamidad upang magdeploy ng mga tropa nito sa mga lugar na ipinagpapalagay nitong makakas ang rebolusyonaryong kilusan. Nakapasok na ang mga tropang Amerikano sa mga rebolusyonaryong erya sa Quezon, Aurora, Leyte at Albay. Upang pagtakpan ang layuning militar ng mga operasyong ito, ang mga iyon ay tinaguang mga "humanitarian mission."

Layunin ng mga operasyong ito ang magpamilyarisa sa tereyn at sitwasyong panlipunan sa mga erya, pahigpitin ang koordinasyon sa mga lokal na yunit ng AFP, mag-sagawa ng paniniktek sa pamamagitan ng pagpapalipad ng mga "unmanned aerial vehicles" at mga ahenteng paniktek, magrekrut ng mga mersenaryo at asset, ihanda ang imparastructure para sa digmaan at magpaganda ng papel at imahan sa mamamayan.

**ANG PANGHIHIMASOK**-militar ng US sa Pilipinas ay napalalalim at napatitindi sa pamamagitan ng lantad na pagpapakatuta ng rehimeng Arroyo. Kasuklam-suklam ang ipinakita ni Arroyo na labis na kagalakan nang siya ay tawagan ni President George W. Bush ng US upang "purihin" sa mga "tagumpay sa paglaban sa terorismo."

Pinahihintulutan ng rehimeng permanenteng pananatili ng mga tropang Amerikano at mga tagapayong militar sa mga kampo sa Pilipinas, ang paglabas-masok ng mga barkong pandigma ng US, ang pagpapalipad ng mga "spy plane" at paglahok ng mga tropang Ame-

rikan sa mga operasyong pang-kombat na pawang labag sa soberanya ng bansa at sa umiiral na konstitusyon.

Pinatutunayan ng rehimeng Arroyo sa imperyalismong US na isa itong tapat at mapagkakatiwalaang papel ng imperyalismong US. Sa desperasyong makuha ang suporta ng US, ginagawa ngayon ni Arroyo ang lahat upang mapasaya ang kanyang amo.

Kailangang gawin ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mama-mayang Pilipino ang lahat upang ilantad at labanan ang lahat ng anyo ng panghihimasok-militar ng US, mula sa mga "joint military

exercise," mga aktibidad ng mga "tagapayong militar," mga "espesyal na operasyon," mga "strike operation," mga "operasyong paniktik" at iba pang mga lihim na paglahok nila sa mga operasyong militar, at maging mga balatkayo nilang "humanitarian mission" sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Kailangang puspusang kumilos at buuin ang pina-kamalawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotikong pwersa upang labanan ang lumalalim na panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas at biguin ang mga hakbanging lalong magpapasahol pa nito, kabilang na ang pakikipagkutsaba rito ng papel na rehimeng


Kailangan ding maghanda ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa unti-unting pinalalaki at pinalalalim na tuwirang panghihimasok-militar sa mga kinikilusan ng mga armadong rebolusyonaryong pwersa. Oras na ilunsad ng mga tropang Amerikano ang direktang digmang agresyon laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, kaagad na itatransforma ang kasalukuyang gera sibil sa isang malawakang pambansang digma laban sa agresyon US at haharap ang US sa matinding paglaban ng mga rebolusyonaryong pwersa at patriyotikong mamayang Pilipino. AB

### *Joint Special Operations Task Force-Philippines*

## **Matagalang presensya at interbensyong militar**

**I**sang yunit ng mga pwersang pang-espesyal na operasyon (*special operations forces* o SOF) ng US ang lumapag sa Zamboanga City noong 2002 upang ilunsad ang tinagurian noong Operation Enduring Freedom (OEF)-Philippines. Ang OEF-Philippines ay bahagi ng imperyalistang "gera kontra-terorismo" na inilunsad ni US Pres. George W. Bush makaraan ang mga teroristang atake sa US noong Setyembre 11, 2001. Ang paglulunsad ng OEF-Philippines ay halos kasabay ng mga paglulunsad ng agresyon at okupasyon ng US sa Africa, Afghanistan at Iraq.

Ipinakilala ang lumapag na yunit bilang Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P). Nakapailalim ito sa Special Operations Command-Pacific (SOCPAC) na may nakadeploy ding mga yunit sa Japan, Guam, North-



ern Marianas, Hawaii at Korea. Sa Pilipinas, ang sinasabing pa-

ngunahing target nito ay ang grupong Abu Sayyaf, na isinama ng US sa listahan nito ng mga "dayuhang teroristang organisasyon," samantalang isa lamang itong kriminal at bandidong grupo. Ginagamit lamang nila ang paglaban sa Abu Sayyaf bilang tungtungan para sa mas matagalang interbensyong militar laban sa aktwal na estratehikong target ng US—ang mga rebolusyonaryong pwersang nakakalat sa nakararaming prubinsya.

Nakabase ang JSOTF-P sa Edwin Andrew Air Base ng AFP sa Zamboanga City at naglulunsad ng mga espesyal na operasyong militar sa paligid ng syudad at sa kalapit na mga isla ng Basilan at Sulu. Sadya nilang pinapasok at inookupa ang mga lugar na natukoy nilang

pinagbabasehan ng grupong Abu Sayyaf upang painan itong manalakay at makipagsagupaan sa kanila.

Ang mga pwersang nakapaloob sa JSOTF-P ay kaiba sa regular na mga tropa ng US na kalahok sa Balikatan *military exercises* kasanib ang mga sundalong Pilipino. Habang ang mga kalahok sa Balikatan ay nananatili sa bansa sa loob lamang ng ilang linggo, mula pa 2002 hanggang sa kasalukuyan ay pangmatagalang nakatanim ang mga pwersa ng JSOTF-P sa hanay ng mga tropang Pilipino. Habang isinasapliko ang bilang ng mga kalahok, lugar na pinadadausin, mga aktibidad at simula at katusan ng mga Balikatan, inililihim kapwa ng US at ng rehimeng Arroyo ang kalakhan at laluna ang mga detalye ng mga operasyon ng JSOTF-P.

Noong simula, pinalalabas ng US at ng rehimeng Arroyo na ang mga operasyong ilulunsad ng JSOTF-P ay, sa pangunahin, mga operasyong sibiko. Tusong isinanib ng US ang mga SOF nila sa Operation Smile, isa sa pinakamalalaking misyon medikal ng hukbong sandatahan ng US at may kalahok pang iba't ibang organisasyong "pangkawanggawa," upang ikubli ang tahimik na pagpasok nila sa bansa noong Enero 2002. Sadya nilang isiningit ang Operation Smile sa patlang ng dalawang malalaking Balikatan exercises upang pagmukhaing bahagi lamang sila ng mga pwersang Amerikanong kalahok sa Balikatan.

Sa pagsasara ng Operation Smile noong Hulyo 2002, naiwan sa mga pwersa ng JSOTF-P ang mga eryang sinaklaw ng misyon medikal. Upang ilusot ang tuluy-tuloy na presensya ng mga



## Mga pangunahing tipo ng operasyon ng US SOF

**T**inutukoy sa mga manwal ng US SOF ang dalawang pangunahing tungkulín at tipo ng mga operasyon nila: ang *foreign internal defense* (FID) at di-kumbensyunal na pakikidigma (*unconventional warfare*). Ito ang dalawang talim ng kanilang panghihimasok-militar.

Sa FID, sumasanib, nagsasanay, nakikipagkoordina at tumutulong ang mga SOF ng US sa mga internal (o lokal) na pwersa at operasyong militar ng iba pang gubyerno (tulad ng Pilipinas) sa mga kampanya nito laban sa krimen, terorismo at "insurhensya." Sa kaso ng JSOTF-P, hindi lamang sumasanib ang mga pwersang US sa mga operasyon ng AFP, sila ang nagpopondo, nagpaplano at nagdidirihe nito, at naglulunsad rin sila ng sarili nilang mga lihim na espesyal na operasyon.

Kabilang naman sa di-kumbensyunal na pakikidigma ang paglulunsad ng mga *civil-military operations* (CMO) at pagsasagawa ng mga operasyong paniktik na hayag nilang inaako, at mga lihim na espesyal na operasyon, "strike operations" at operasyong kombat na nasa mga manwal nila pero di nila inaamin sa publiko.

Ayon sa mga naging kumander ng JSOTF-P, pangunahing tungkulín ng kanilang yunit sa Pilipinas ang maglunsad ng di-kumbensyunal na pakikidigma laban sa "terorismo" at "insurhensya." Sa mga dokumento ng US SOF, walang pagkakaiba ang kombat at di kombat na mga operasyon. AB

tropang Amerikano sa mga lugar na ito, nagsagawa ang JSOTF-P ng iba't ibang panggimik na programang sibiko katulad ng pagtatayo ng mga eskwelahan at pagamutan, paggawa ng mga klinik, paggawa ng mga *deep well* at palikuran, pagsasagawa ng mga kampanyang pang-edukasyon at pangkalusugan at iba pa. Panapanahong binibisita ang mga ito ng US *ambassador*, mga upisyal militar at iba pang pwersang militar ng US na nagpapanggap na may misyon makatao (tulad ng USS Mercy) upang patampukan ang ganitong mukha ng kanilang presensya at ikubli ang panghihimasok ng kanilang mga troopa sa mga operasyong militar ng AFP sa Mindanao.

Ginagamit ng mga SOF ng US

ang mga gimik na programang sibiko upang butasin ang mga komunidad ng mamamayang Moro na sa kalakha'y sarado sa presensya hindi lamang ng mga tropang Amerikano, kundi maging ng mga sundalo ng AFP. Kaalinsabay, naglulunsad ang mga SOF ng US ng mga kampanyang saywar upang linlangin at paamuin ang mga residente at mapatanggap ang matagalang presensya roon ng mga tropang Amerikano. Kalakhan ng mga komunidad na ito ay tutol sa kanilang presensya, hindi dahil sinusuportahan nila ang Abu Sayyaf kundi dahil sa dinanas nilang matitinding pambo-bomba, mga paglabag sa karapatan-tao at malawakang pagkawasaki ng kanilang kabuhayan dulot ng walang tigil na malulupit na pananalakay ng AFP sa lugar nila nitong nakaraang mga taon.

Sa ilalim ng gayong mga pagpapanggap, malayang naipatutu-

pad ng mga SOF ng US ang kani-lang mga operasyon sa Mindanao. Bukod sa mga operasyong paniktik, surbeylans at rekonyans, naglulunsad rin sila ng mga lihim na es-pesyal na operasyong militar nang kasanib o kahiwalay ng mga pwersa ng AFP.

Ayon mismo sa oryentasyon nito, ang JSOTF-P ang nagsisilbing kumand at sentro ng mga Balikatan. Maging sa mga dokumento at ulat nila, tahasang nakasaad na ang mga operasyong militar nila'y maaaring tabingan ng mga pagsasanay. Kung saan may presensya sila, malawak at malalim ang pagkasangkot ng mga espesyal na pwersang Amerikano sa mga operasyong militar ng AFP, kabilang sa mga operasyong kombat nito.

Bagamat upisyal na itinatanggi ng gubyerno ng Pilipinas na sang-kot ang mga pwersang Amerikano sa mga lokal na operasyong kom-bat, di miminsang inamin ni AFP Chief of Staff Lt. Gen. Hermogenes Esperon na may papel ang mga ito sa mga "special strike operations." Ang pinakamalalaking ambus at *strike operation* laban sa Abu Sayyaf mula 2002 ay isinagawa ng pinagsanib na mga pwersa ng Pilipinas at US sa pamumuno ng JSOTF-P.

Tampok na kaso nito ang pag-sama ni US S/Sgt Reggie Lane sa reyd na isinagawa ng mga pwersa ng 18th IB ng Philippine Army sa hatinggabi sa tahanan ng mga Is-nijal sa Barangay Canas, Tuburan, Basilan. Binaril nila sa hita at sapi-litang kinuha ang isang di arma-dong sibilyan, si Buyong Buyong Isnijal, noong Hunyo 2002. Myem-bro raw siya ng Abu Sayyaf, bagay na itinatanggi ng mga kapamilya at kakilala niya.

Kahit malalaki ang bilang ng mga SOF na ipinadala ng US sa Afghanistan at Iraq (laluna sa huli, kung saan 10,000 pwersa ng SOF na ang naipadala—pinakamalaki

## Balikatan exercises, ipagpapatuloy na

IPAGPAPATULOY ang naudlot na Balikatan *military exercises* ngayong Pebrero 18 matapos patagong mailipat sa kustodiya ng US Embassy si Lance Corporal Daniel Smith, ang sundalong Amerikanong nahatu-lan ng panggagahasa sa Pilipinang si "Nicole" noong Nobyembre 2005. Matatandaang kinansela ng US ang naturang *military exercises* noong Disyembre 22 bilang protesta sa pagtanggi ni Judge Benjamin Pozon sa petisyon ni Smith na ilipat siya sa kustodiya ng US mata-pos siya masentensyanahan.

Mariing kinundena ng mga tagasuporta ni "Nicole" ang paglilipat kay Smith sa kustodiya ng US nang walang kaakibat na kautusan ng korte. Ang paglilipat kay Smith ay bunga ng lihim na kasunduan sa pagitan nina Gloria Arroyo at US ambassador Kristie Kenney. Sa pag-pasok sa gayong kasunduan, binalewala ni Arroyo ang lahat ng ligal na proseso para lamang masiyahan ang kanyang among imperyalista at maipagpatuloy ang naunsyaming *military exercises*. AB

mula noong gera ng US sa Viet-nam), sa kalakha'y nabibigo ang mga operasyon nila roon dahil sa kawalang suporta ng mamamayan at sa lawak at lakas ng paglaban ng mga rebeldeng Afghan at Iraqi.

Maging sa Pilipinas, hindi nila magapi-gapi ang maliit na bandi-dong grupo ng Abu Sayyaf matapos ang limang taon. Ang ipinagmama-laki na lamang ng US at ng rehimeng Arroyo ay ang mga pagkaka-patay nila kamakailan sa ilang lider ng Abu Sayyaf. Pinalalabas kapwa ng mga upisyal ng US at rehimeng Arroyo na positibo ang resulta ng presensya at programa ng mga pwersang Amerikano sa Pilipinas. Pinalalabas nilang nakapagdala ng kaunlaran at kapayapaan sa Basilan ang mga SOF mula nang tutukan nila ang isla. Ang tinatawag nilang "Basilan model" ay makapagsisilbi umano bilang modelo ng kanilang mga operasyon sa buong mundo.

Ang lahat ng mga ipinanganga-landakan nilang ito ay manipis na tabing lamang sa ligalig na dala ng kanilang presensya at mga opera-syon sa isla. Hindi mapagtatakpan ng kanilang mga programang sibiko ang mararahas na reyd at pang-aa-take ng mga pinagsanib na pwersa

ng AFP at mga sundalong Amerika-no sa mamamayang pinaghinalaan nilang sumusuporta sa Abu Sayyaf. Laganap ang iligal na pang-aaresto at detensyon, pananakot, pagrere-kisa ng mga bahay, pagsosona at iba pang paglabag sa karapatang-tao. May mga kaso ng pamamaslang at pagdukot, walang pakundang pagpapaputok ng mga baril at iba pang gawi na nagdudulot ng matinding takot sa mamama-yan.

Malinaw na isinasangkalan lamang ang banta ng Abu Sayyaf para sa balak ng US na mas malalim at mas masaklaw na interben-syong militar. Gamit ang mas malaking pwersa na pumapasok sa ban-sa sa pamamagitan ng mga Balikatan, regular na pinalalawak ng JSOTF-P ang kanilang mga opera-syon sa ibang bahagi ng Mindanao at sa mga lugar sa Luzon at Visayas kung saan napapansing malakas ang rebolusyonaryong kilusan at Bagong Hukbong Bayan.

Pinakalayunin ng gayong mga pagpasok sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan ang panghimasukan kalaunan ang mga operasyong militar ng AFP laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. AB



## Mga aksyong militar ng BHB sa Sorsogon at Cagayan

NAMATAY ang isang sundalo nang salakayin ng BHB nitong Enero 25 ang *barangay hall* na kinampuhan ng mga elemento ng 42nd IB, 1:40 ng hapon sa Barangay Bonga, Castilla, Sorsogon.

Samantala, dalawang tropa ng militar ang nasugatan nang magkasagupaan ang BHB at mga elemento ng 17th IB sa Barangay Caruppian, Baggao, Cagayan noong Enero 21.

Noon namang Enero 20, isang sundalo ang napatay at apat ang nasugatan sa dalawang sagupaang naganap sa pagitan ng BHB at mga nag-ooperasyong sundalo sa Barangay Lungib at Barangay Palanas, Pilar, Sorsogon.

## Pasistang meyor, pinarusahan ng BHB

PINARUSAHAN ng mga elemento ng BHB-Arnulfo Ortiz Command ng prubinsya ng Samar si Mayor Benito Astorga ng Daram, Samar noong alas-2 ng madaling araw ng Enero 25 sa Barangay Birawan. Nasa sayawan noon si Astorga nang parusahan ng BHB.

Ayon sa pahayag ng BHB-Arnulfo Ortiz Command, utak si Astorga ng maraming kontra-rebolusyonaryo at anti-mamamayang krimen sa mahabang panahong nunungkulan siya bilang meyor. Kabilang dito ang pamamaslang sa mga kasamang kumikilos sa lugar noong 2003 at mga inosenteng sibilyang pinaghihinalaang tagasuporta ng BHB. Bilang suporta sa kontra-revolusyonaryong kampanya ng militar, binuo niya ang Barangay Information Network at nagmantine siya ng 180 myembro ng CAFGU. Pinagbawalan din niyang puwasok sa kanyang bayan ang mga *non-government organizations* at iba pang progresibong grupo.

Sa kaugnay na insidente, pinarusahan din ng BHB si Augusto Daclitan, 53, sa harap ng kapitolyo ng Samar noong gabi ng Enero 24. Sumuko si Daclitan kay dating 8th Infantry Division Commander Major Gen. Jovito Palparan, Jr. at ginamit siya ng militar sa kanilang kontra-revolusyonaryong kampanya sa prubinsya. *Provincial coordinator* si Daclitan ng isang anti-komunistang grupo, ang Alliance for Nationalism and Democracy (ANAD).

Sa Albay, pinarusahan ng mga gerilyang pwersa ng BHB si Jose Loreno, 56, noong Enero 25, alas-7 ng gabi sa kanyang bahay sa Barangay Maroroy, Daraga. Aktibong lider si Loreno ng Kilusang Kontra-Komunista sa naturang lugar.


## AFP, pinaiigting ang kampanya laban sa Bayan Muna

PINAIIGTING ng AFP ang kampanya ng pananakot at pambabraso sa mga myembro at tagasuporta ng Bayan Muna at iba pang progresibong partido habang papalapit ang eleksyon sa Mayo.

Sa Cabuyao, Laguna nitong buwan, nagpatawag ng pulong masa ang AFP sa Southville National Relocation Site dalawang araw matapos magdaos ng pulong ang mga myembro at tagasuporta ang Bayan Muna sa lugar. Sa kanilang pulong massa, ipinalabas ng AFP ang presentasyong "Knowing the Enemy" kung saan tinukoy ang Bayan Muna at iba pang progresibong organisasyon at partido bilang mga "prente" ng Partiko Komunista ng Pilipinas at sa gayon ay mga "kaaway ng estado." Binalaan nila ang mga residente roon laban sa pagsuporta sa Bayan Muna at nagbantang "aarestuhin" nila ang lahat ng mga myembro at tagasuporta nito sa komunidad. Isa lamang ang Cabuyao sa mga lugar na sumusuporta sa Bayan Muna na tinarget ng AFP sa kanilang kampanya ng paninira at pananakot. Mahigpit na minomonitor ng mga progresibong partido ang kampanya ng iba't ibang yunit ng AFP hindi lamang sa mga prubinsya kundi maging sa loob ng Metro Manila.

## Katiting na dagdag sahod, ipinagkakait pa

Iniatras noong Enero 22 ang panukalang batas na ₱125 bawat araw na *across-the-board-increase* sa sahod ng mga manggagawa. Ginawa ang pag-atras ng panukalang inaprubahan na sana ng Kongreso sa pamamagitan ng mosyon ng isang tuta ng Malakanyang, si Cavite Rep. Jesus Crispin Remulla na baguhin ang petsa ng epektibidad ng panukala—sa halip na Oktubre 2006, gagawin itong Enero 2007. Idinadahilan lamang ni Remulla ang pagpalit ng petsa para tuluyan nang maiatas ang naturang panukala. Noon pa man ay tutol na ang rehimeng Arroyo sa anumang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa sa harap ng nagdudumilat na pagtindi ng pang-ekonomyang krisis at kahirapan ng mamamayang Pilipino. Mariing binatikos ng mga representante ng mga progresibong partido ang pag-atras. Anila, katiting na nga lang, ipinagkakait pa. Matatandaang anim na taon nang iginigiit ng mga manggagawa ang karagdagang ₱125 na pagtaas ng kanilang sahod.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 3

Pebrero 7, 2007

www.philippinerevolution.net

## Editoryal

# Kamtin ang katarungan para sa mga biktima ng pampolitikang pamamaslang

Tulad ng inaasahan, walang anumang kredibilidad at saysay ang resulta ng ginawa ng Melo Commission na "imbestigasyon" sa mga kaso ng pampolitikang pamamaslang sa bansa.

Mula't sapul, malinaw sa lahat na hindi tunay na mag-iimbestiga ang Melo Commission at uulitin lamang nito ang dati nang sinasabi ng Malakanyang, PNP at AFP. Wala itong ibang nilayon at ginawa kundi hugasan ang duguang mga kamay ni Gloria Arroyo at kanyang mga berdugong upisyal. Wala itong kredibilidad sa mata ng mga kamag-anak ng mga biktima at mga organisasyon nagtagataguyod sa karapatang-tao sa loob at labas ng bansa.

Sa desperasyong magkaroon ng kredibilidad, pinatampok ng Melo Commission ang kongklusyon sangkot ang ilang tauhan ng AFP at mga pulitiko sa pamamaslang. Pero kasabay nito'y binigyang-diin ni Jose Melo, pinuno ng komisyon at dating mahistrado ng Korte Suprema, na hindi sangkot ang buong establisimyento ng AFP. Sa gayon, pinagtatakpan lamang ng Melo Commission ang responsibilidad ng buong rehimeng Arroyo at matataas na heneral ng AFP. Tinukoy man nitong may responsibilidad bilang kumander ang berdugong si Ret. Maj. Gen. Jovito Palparan, sinasabi namang iyon ay di tuwiran at na wala siyang kriminal na pananagutan.



Tahasang inaamin ni Melo na ang mga kongklusyon ng kanyang komisyon ay halaw sa mga ulat ng militar at pulis. Kaya't wala itong ibang sinabi sa Task Force Usig ng PNP. Dahil sa kawalan ng anumang tiwala sa komisyon, ni hindi na nag-abalang humarap dito ang mga saksi sa mga pamamaslang at ang pamilya at kasamahan ng mga biktima.

**Mga tampok sa isyung ito...**

Pamamaslang sa Bicol,  
Samar, tumitindi

PAHINA 4

Matagalang  
interbensyong militar

PAHINA 6

Mga aksyong militar ng  
BHB sa Cagayan,  
Sorsogon

PAHINA 9

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*